



# KAGAWARAN NG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN NG LOS ANGELES COUNTY PAGBABAGO SA PAGPIPIILIAN NG BINAGONG PAGKUKULONG (QUARANTINE) PARA SA MGA MAGULANG AT TAGAPAG-ALAGA NG MGA BATANG NASA EDAD NANG MAG-ARAL

## Pagpigil para sa Pagkalat ng COVID-19 sa mga Paaralang TK-12

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng pagbabago (update) para sa mga magulang at tagapag-alaga tungkol sa bagong pagpipilian ng binagong pagkukulong (quarantine) na magagamit sa mga Paaralang TK-12 sa Los Angeles County (LAC). Ang pagpipiliang ito ay ginagawang posible para sa mga bata na nalantad sa COVID-19 sa silid-aralan o iba pang kapaligiran ng paaralan na magpatuloy na dumalo sa pag-aaral hangga't ang ilang partikular na kondisyon ay matutugunan. Para sa impormasyon sa iba pang mga polisiya at hakbang upang protektahan ang mga bata mula sa pagkakaroon ng COVID-19 sa paaralan, tingnan ang [Pagbabago para sa Magulang: Mga Paaralang TK-12](#) ng Pampublikong Kalusugan ng Kagawaran ng LA County.

### Narito ang kailangan na malaman ng mga magulang tungkol sa bagong pagpipilian ng binagong pagkukulong (quarantine).

Karaniwan, kung ang hindi pa nabakunahang tao ay natukoy bilang isang “malapitang nakasalamuha” ng isang taong may COVID-19, ang taong iyon ay dapat na magkulong sa bahay. Ang isang malapitang nakasalamuha ay tao na:

- Nasa loob ng 6 na talampakan ng nahawahang tao sa loob ng 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon, o
- Direktang nagkaroon ng kontak sa mga likido ng ng katawan ng nahawahang tao (halimbawa, naubuhan o nabahingan, nakisalo sa inumin o kubyertos sa pagkain, naghalikan).

Ngayon ang mga paaralan ay may bagong pagpipilian, na tinatawag na “binagong pagkukulong” (modified quarantine) na pinapayagan ang mga bata na magpatuloy sa harapang-personal na pagtuturo sa regular na mga oras ng pag-aaral, habang sumasailalim sa mga utos ng Pagkukulong (Quarantine) ng Pampublikong Kalusugan. Ang bagong pagpipiliang ito ay batay sa narepasong impormasyon na kinolekta ng Pampublikong Kalusugan noong unang buwan ng pag-aaral na nagpapakita na napakaunting mga bata na nasa pagkukulong ang nagkaroon sa huli ng COVID-19.

### May mga mahihigpit na patakaran na dapat sundin ng mga paaralan kung pipiliin nila ang piniling binagong pagkukulong.

1. Maaari lamang ikonsidera ang binagong pagkukulong kung ang pagkakalantad sa impeksyon ay magaganap sa kapaligiran ng paaralan kung saan ang mga mag-aaral ay pinangangasiwaan ng kawani ng paaralan (silid-aralan, mga lugar sa paaralan na naroon ang kawani ng paaralan, bus ng paaralan).
2. Pinapayagan lamang ang binagong pagkukulong kung ang nalantad na bata ay walang mga sintomas. Dapat silang subaybayan para sa sintomas araw-araw, at kung magkakaroon ng mga sintomas, ang bata ay hindi pwedeng gawin ang binagong pagkukulong. Dapat silang manatili sa bahay at sundin ang mga tagubilin para sa mga malapitang nakasalamuha na nagkaroon ng [mga sintomas habang nasa pagkukulong](#).
3. Ang paaralan ay dapat na positibong mailahad na ang parehong nahawahang bata at ang batang nakilala na malapitang nakasalamuha ay tamang nagsusuot ng maskara sa buong panahon ng pagkakalantad sa malapitang pakikisalamuha.
4. Ang nalantad na bata ay hindi bahagi ng pagsiklab sa paaralan. Ang pagsiklab ay kapag ang pagkalat ay naganap sa pagitan ng grupo ng 3 tao o higit pa sa paaralan sa loob ng 14 na araw na panahon. Ang panganib ng pagkalat ay mas mataas sa pagsiklab kung kaya't ang binagong pagkukulong para sa mga nalantad na bata ay hindi kasingligtas.
5. Hindi dapat payagan ng paaralan ang mga malapitang nakisalamuha na makilahok sa mga ekstra-kurikular na aktibidad. Ang binagong pagkukulong ay nilalayon na maipagpatuloy ng mga bata ang pag-aaral ngunit hindi sinasaklaw ang iba pang mga aktibidad na nasa labas ng regular na kurikulum ng paaralan.
6. Ang mga batang saklaw ng utos sa binagong pagkukulong ay dapat na magsuot ng maskara sa lahat ng oras sa mga lugar ng paaralan maliban kung sila ay kumakain o umiinom. Sa mga oras na iyon dapat silang hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa sinumang tao at mas mainam sa mga panlabas na lugar.



## **Pagbabago para sa mga Magulang ng mga Batang nasa Edad nang Mag-aral: Pagpipiliang Binagong Pagkukulong sa mga Paaralang TK-12**

---

7. Ang mga batang saklaw ng utos sa binagong pagkukulong ay dapat na masuri ng hindi bababa sa dalawang beses sa isang linggo gamit ang naaangkop na pagsusuri sa isang kapaligiran ng pangangalagang pangkalusugan o aprubadong lugar ng pagsusuri (ang pagsusuri sa bahay ay hindi katanggap-tanggap para sa layuning ito). Ang isa sa mga pagsusuri ay dapat na sa lalong madaling panahon pagkatapos ng pagkakatapos (Ika-1 o Ika-2 Araw sa pagkukulong); ang pangalawa ay dapat na hindi bababa sa 3 araw pagkatapos, mainam sa o pagkatapos ng Ika-5 Araw nang sa gayon ang iyong anak ay maaaring mailabas mula sa pagkukulong (quarantine) pagkatapos ng Ika-7 Araw (sa Ika-8 Araw) kung sila ay masusuring negatibo.

Dahil sa ang COVID-19 virus ay paminsan-minsang kumakalat na mas malayo sa 6 na talampakan, mariing inirerekomenda na ang mga hindi pa nabakunahang bata na HINDI malapitang nakasalamuha ngunit nasa silid-aralan o iba pang grupo sa paaralan ng may kasamang taong nahawahang ay masuri linggo-linggo sa loob ng dalawang linggo pagkatapos ng petsa ng huling pagkakatapos. Kung ang paaralan ay may kakayahan na suriin kahit na ang mga nabakunahang tao, iminumungkahi na ang mga ganap nang nabakunahang indibidwal na HINDI malapitang nakasalamuha ngunit naroon sa parehong silid-aralan o grupo ng nahawahang tao ay masuri linggo-linggo sa loob ng dalawang linggo.

### **Paano makakatulong ang mga magulang na gawin ang binagong pagkukulong na mapagpilian para sa paaralan ng kanilang anak.**

- Tandaan na ang binagong pagkukulong ay isang pagpipilian na maaaring piliing payagan ng paaralan. Ang paaralan ng iyong anak ay maaari lamang piliing pahintulutan ang pagpipiliang iyon kung ang lahat ng mga kondisyong nakalista sa itaas ay natugunan.
- Turuan ang iyong anak tungkol sa kahalagahan ng pagsusuot ng maskara at tungkol sa tamang paraang paggamit ng maskara. Bisitahin ang [ph.lacounty.gov/masks](https://ph.lacounty.gov/masks) para sa impormasyon sa epektibong paggamit ng mga maskara upang mapigilan ang pagkalat.
- Kung ang iyong anak ay pinayagang sundin ang pinagpipiliang binagong pagkukulong, tandaan na sila ay sumasailalim pa rin sa [Utos sa Emerhensyang Pagkukulong \(Quarantine\) ng Pampublikong Kalusugan](#). Dapat na manatili sa bahay ang iyong anak sa lahat ng oras kapag hindi tumatanggap ng harapang-personal na pagtuturo.
- Makipagtulungan sa mga patakarang pagsusuri kung ang iyong anak ay nakilala bilang malapitang nakasalamuha o nalantad sa nahawahang tao sa kapaligiran ng paaralan.

At kung gusto mo pang makagawa ng higit pa, maaari kang magpalista [sign up] para sa **Programang Ambasador na Magulang ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan** (DPH Parent Ambassador Program)! Nagbibigay kami ng pagsasanay at sertipiko sa mga magulang na nais maging edukado tungkol sa COVID-19, kung paano ito kumakalat, ang epekto nito sa kalusugan ng bata, at ang mga paraan na maaari nating pagtulong-tulungan upang maiwasan ang pagkalat. Sasalihan mo ang kamangha-manghang grupo ng mga namumunong magulang na tumutulong ibahagi ang mga katotohanan tungkol sa COVID-19 sa buong komunidad ng paaralan.

**Upang marami pang matutunan, mag-email sa :** [TK12Ambassador@ph.lacounty.gov](mailto:TK12Ambassador@ph.lacounty.gov)

**Bisitahin ang [webpage](#) ng mga Mapagkukunan sa COVID-19 para sa mga Magulang at Tagapag-alaga para sa mas marami pang impormasyon.**